Institute of Political Economy

Hunyo 2004

Praymer sa Soberanya sa Pagkain

Kapangyarihang Bayan sa Pagkain at Agrikultura

Nitong nakaraang limang taon itinaguyod ng mga militanteng kilusang magsasaka at ng iba pang kilusang bayan sa iba't ibang panig ng mundo ang panawagan sa "people's food sovereignty" o soberanya o kapangyarihang bayan sa pagkain at agrikultura bilang pangkalahatang kahilingan ng mamamayan sa usapin pagkain at agrikultura. Dinala ang panawagan ito hindi lamang ng mga saligang kilusang masa ng anakpawis kundi maging ng mga organisasyong sektoral, kilusang katutubo at mga organisasyon at institusyong sumusuporta sa kanila.

3rd Floor, SCC Building, 4427 Interior Old Sta. Mesa, Manila ● P.O. Box SM-447, Manila 1008
Tels. 7132737, 7132729 ● Fax 7160108 ● E-mail: perc@ibon.org

Ang panawagan para sa kapangyarihang bayan sa pagkain at agrikultura ay napabantog at nagwagi bilang alternatibo ng mamamayan laban sa iimperyalista-asenderong kontrol sa agrikultura gayundin sa produksyon ng pagkain sa kalahatan. Pinalala ang kontrol at pagsasamntalang ito ng neoliberal na globalisasyon kaya't naging katuwang ang panawagang ito ng kahilingan ng bayan na "Alisin ang World Trade Organization sa Pagkain at Agrikultura!"

Noong World Food Summit Five Years Later na ginanap sa Rome noong 2002, ang tema ng Food Sovereignty ang dinala ng kapulangan ng mamamayan na binubuo ng mga organisasyong magsasaka, mangingisda, manggagawang bukid, magpapastol, manggagawa sa industriya maralitang lunsod, katutubo, konsumer, kababaihan, at iba pa na nanawagan na itaguyod nang lubos ang karapatan ng tao sa pagkain at sa mga rekurso para sa lumikha ng pagkain tulad ng lupa, katubigan at kapital. Kasabay nito, itinakwil nila ang lahat ng mga kasunduang nagtataguyod ng imperyalistang globalisasyon, laluna ang WTO na siyang dahilan ng tumitinding karukhaan at gutom sa buong mundo.

Mula noon, ang food sovereignty ay malawakang tinatanggap ng mga kilusang bayan at organisasyon at institusyon maliban na lamang sa mga repormista na nababahalang kilalanin ang kapangyarihan sa mamamayan. Nitong huli, maging ang United Nations (sa ulat-rekomendasyon ng Special Rapporteur sa Karapatang Tao) ang mismong nagpanukala na itaguyod ng mga bansa ang food sovereignty bilang tunay na magtitiyak ng kapasidad at seguridad sa pagkain sa harap ng maraming hamong dulot ng globalisasyon. Gayundin, naglabas noong nakaraang taon ng resolusyon ang European Parliament na nagtataguyod ng food sovereignty bilang patakarang itataguyod sa usapin ng pagkain at agrikultura.

PRAYMER SA SOBERANYA SA PAGKAIN

Ano nga ba itong food sovereignty na madalas nating naririnig ngayon? Bakit madalas itong binabanggit laban sa World Trade Organization? Anong kinalaman nito sa mamamayan o ang tinutukoy ba nito ay ang soberanya o kapangyarihan ng mga bansa?

Papalala ang suliranin sa gutom sa buong mundo ngayon. Patung-patong ang mga hamon at panganib na kaharap ng mga magsasaka, mangingisda at iba pang uri't sektor na lumilikha ng pagkain bunga ng papatinding krisis sa ekonomya, pagtutulak ng globalisasyon ng mga imperyalista, kawalan ng seryosong atensyon ng mga gobyerno na ipatupad ang mga program sa pagkain at produksyon ng pagkain, at maraming iba pa. Sa kabilang banda, nag-uumapaw ang produksyon sa mayayamang bansa sa Kanluran dahil sa todong suporta ng kanilang mga gubyerno sa mga monopolyong korporasyong agribisnis at paggamit ng nakalalasong industriyalisadong pamamaraan ng pagsasaka.

Sa harap ng krisis na ito, lumilinaw na hindi nakasasapat ang paisaisang pagtingin sa suliranin sa agrikultura. Kailangan ang mas kumprehensibong paglaban sa kumprador-panginoong maylupa-imperyalistang paghahari sa agrikultura at produksyon sa pagkain. Bahagi ng paglaban na ito ang pagharap ng isang patakaran sa pagkain at agrikultura na makabayan at makamamayan.

Ito ang layunin ng food sovereignty, o kapangyarihang bayan sa pagkain at agrikultura. Matagumpay na ipinalalaganap ng mga kilusang masa ng anakpawis ang panawagang ito kung kaya't napapabantog at kinikilala na sa mga kapulungang internasyunal bilang nararapat na patakaran sa pagkain at agrikultura. Layunin ng praymer na ito na ilinaw ang mga saligang konsepto at usapin ng food sovereignty at kung paano ito magagamit sa antipyudal, antiimperyalista at antipasistang pakikibaka ng magsasaka at mamamayan.

1 Ano ang seguridad sa pagkain? Ano ang tungkulin ng lipunan at gubyerno para matiyak ang seguridad sa pagkain?

Mabilis na umuunlad ang teknolohiya sa agrikultura, produksyon sa pagkain at nutrisyon, pero kabaligtaran naman ang nangyayari para sa mamamayan ng daigdig, laluna sa mahihirap at atrasadong mga bansang Third World. Lalo namang dumarami ang bilang ng mga dukha, mga taong walang makain at namamatay sa gutom.

Halimbawa sa Pilipinas, malaganap ang malnutrisyon at marami ang namamatay sa mga sakit na may kinalaman sa nutrisyon at gutom. Ayon sa pag-aaral ng Food and Nutrition Research Institute (FNRI) ng Department of Science and Technology (DOST), tinatayang sa 12,425 na mga batang may edad na 0-10, 30.6% nito ay magaan sa timbang, 31.4% ay maliit sa gulang at 6.3% ay payat. Sa mga batang may edad na 6-10 taong gulang , 32.9% ang magaan sa timbang, 41.1% ang maliit sa gulang at 6.5% ang payat.

Ang ganitong sitwasyon ng kawalan ng katiyakan kung makakain ba araw-araw at kakulangan ng sapat na nutrisyon ang tinatawag na kawalang seguridad sa pagkain o food security. Ang seguridad sa pagkain ay pangunahing tungkulin ng gubyerno, isang saligang tungkulin na may tuwirang kinalaman sa kagalingan at buhay ng mamamayan.

Ipinapatupad ang tungkuling ito sa pamamagitan ng mga programa at patakaran sa dalawang pangunahing larangan – ang produksyon ng pagkain at distribusyon ng pagkain. Maliban sa dalawang tungkuling ito, kailangan ding paunlarin ang syentipikong pagtitiyak ng nutrisyon, mga serbisyo sa pagkain sa panahon ng sakuna at iba pa.

Tungkulin ng gubyerno na magbalangkas at ipatupad ang isang mabisang programa sa produksyon sa pagkain na nakabatay sa pagpapaunlad ng produksyon ng mga magsasaka at iba pang prodyuser ng pagkain tulad ng mangingisda, sa pamamagitan pangunahin ng pagpapatupad ng repormang agraryo na nagtitiyak ng hawak ng mga rekurso at kapital para sa pagsasaka at iba pang produksyon ng pagkain.

Tungkulin ng gubyerno na tiyaking naaabot ng bawat mamamayan ang pagkain ayon sa kanilang kultura at nakasasapat na nutrisyon. Sa minimo, pinag-aaralan ng gubyerno kung anong mga saligang pagkain ng masa ang

tumutugon sa saligang pangangailangan ng nutrisyon (tulad ng protina, carbohydrates, gulay, atbp.), tinitiyak na may sapat na suplay ng mga ito sa buong bayan, tinitiyak na nabibili ito ng mamamayan sa murang halaga, at tinitiyak na sapat ang sahod o kita ng karaniwang mamamayan para makabili ng pagkain. Kalakip na tungkulin ang pagtiyak sa seguridad sa pagkain para sa mga bahagi ng bayan na nasalanta sa iba't ibang klase ng sakuna, gayundin para sa mahirap na seksyon ng lipunan na walang kakayahang makabili ng sapat na pagkain.

2 Ano ang saligang batayan ng tungkulin ng gubyerno sa pagtiyak sa seguridad sa pagkain?

Bagaman napakalinaw ng tungkulin ng gobyerno na magbalangkas at magpatupad ng mga programa sa produksyon ng pagkain at pamamahagi ng pagkain sa buong sambayanan, pabaya ang mga gobyerno at malala ang kawalang seguridad sa pagkain ng mga mamamayan nito. Halimbawa, halos kalahati ng sangkatauhan o 2.8 bilyong katao ay nabubuhay nang kulang sa minimum na $2 araw-araw ayon sa World Bank. Ito ay nagpapakita ng kawalang seguridad ng pagkain at pananagutan ng mga gobyerno, laluna ng mga imperyalistang kapangyarihan.

Kung responsibilidad ng mga gubyerno ang seguridad sa pagkain, nakakabahala na 105 bansa na mayorya ng 149 bansang atrasado sa Third World ay net food importing, o walang nagsasariling kakayahan sa produksyon ng pagkain.

Kaya napakalala ng kawalan ng seguridad sa pagkain ay dahil itinuturing ang seguridad sa pagkain bilang simpleng pangkalahatang tungkulin ng gobyerno. Sa halip na itaguyod at ipauna ang interes ng mamamayan sa pagkain, inuuna ang interes ng mga panginoong maylupa, kumprador at mga dayuhang korporasyon para kumita ng limpak limpak na upa at tubo, sukdang maghirap ang anakpawis at magmahal pang lalo ang presyo ng saligang produktong pagkain.

Kung tutuusin, minimum na tungkulin ng gubyerno ang pagtiyak sa seguridad sa pagkain bilang pangangalaga sa kagalingan at buhay ng mamamayan. Ito

ay nag-iiba ng isang makatao at responsableng pamamahala kaiba mula sa gubyernong barbaryan. Kahit ang mga pyudal at paternalistikong gubyerno ng mga hari at panginoong ay kumikilala sa responsibilidad sa kagalingan ng kanilang mga kasama o serf.

Pero kinikilala ng modernong gubyerno di lamang kagalingan ng mamamayan kundi higit pa rito ang karapatang pantao ng mamamayan na siyang batayan ng pagkilala sa kanilang kagalingan. Ito ay nakasaad sa isang 'demokratikong' konstitusyon na siyang batayan ng goyerno kung saan 'makatao' ang pamamahala dahil sa pagkilala ng karapatang pantao at hindi lang dahil sa 'kabaitan' ng mga panginoon at hari. Sa usapin ng pagkain at agrikultura, ang pagtaguyod sa seguridad sa pagkain ng gubyernong moderno ay nakabatay sa pagkilala sa karapatang pantao sa pagkain.

Ang karapatang pantao sa pagkain ay isang saligang karapatan na karugtong sa karapatang mabuhay. Ang pagkain ay esensyal para mabuhay. Kaya ang karapatan sa pagkain ay isang saligang karapatang tao na tuwirang kaugnay sa karapatang mabuhay. Dahil ang pagkain ay kailangan para mabuhay nang produktibo ang bawat tao, ang karapatan sa pagkain ay saligan para matamasa ng isang tao ang iba pa niyang mga karapatan.

Ayon sa Universal Declaration of Human Rights (UDHR) ang lahat ng tao ay ginagarantiyahan ng karapatan sa pagkain, tirahan, hanapbuhay, at sapat na alagang pangkalusugan. Ibig sabihin nito'y paglabag sa karapatang pantao ang gutom o kawalang tirahan dahil ang bawat isa ay may karapatang mabuhay na may dignidad, tiyak na hanapbuhay at anumang kailangan para matiyak ang kagalingan at makamit ang potensyal ng bawat isa. Ang mga ito ay ginagarantiyahan din ng saligang batas ng Pilipinas.

Ang karapatan sa pagkain ay nangangahulugan na may karapatan ang bawat mamamayan na magkaroon ng pagkain – ibig sabihin may pagkaing abot-kaya sa kanilang komunidad at magkaroon ng sapat na kita sa ani o sweldong pambili ng pagkaing ito.

3 Kung karapatang pantao ang batayan ng seguridad sa pagkain at itinataguyod ang karapatan sa pagkain, bakit marami pa ring namamatay sa gutom?

Dahil sa kontrolado ng mga panginoong maylupa, komprador-negosyante at dayuhang korporasyon ang pagkain at agrikultura para kumita ng limpak-limpak na upa at tubo, malawakang isinasantabi at nilalabag ang karapatan sa pagkain. Sa karamihan ng bansa sa daigdig ngayon, hanggang papel at salita lang ang demokrasya. Pero sa totoo hindi tunay na kinikilala, itinataguyod, ipinapatupad at denedepensahan ang karapatang pantao ng mamamayan. Palibhasa ang mga gobyerno at lipunan ay dinodominahan at kontrolado ng mga naghahari't mapagsamantalang uring panginoong maylupa, komprador-burgesya at dayuhang monopolyo kapitalista na ginagatasan ang masang anakpawis para kumita nang malaki mula sa agrikultura at iba pang produksyon ng pagkain.

Maraming pangunahing paraan ang paglabag sa karapatan sa pagkain: – a) pinatataas ng mga negosyante at dayuhang korporasyon ang presyo ng saligang bilihing pagkain nang lampas sa kita ng mamamayan habang sobra naman binabarat ang produktong binibili sa magsasaka, at b) ang ganitong pagsasamantala ay nagdudulot ng karukhaan sa masang anakpawis kaya't hindi sila makabili o kumikita ng sapat na pagkain. Ang gutom na nararanasan nila ay paglabag sa kanilang karapatang tao sa pagkain. Tungkulin kung gayon ng anumang lipunan at gubyerno nito na laging may sapat na nakaimbak na pagkain, na ang karaniwang mamamayan ay mayroong sapat na kita para ipambili ng pagkain at ang sapat at wastong pagkain ay nabibili nang mura ng karaniwang tao.

Sa mga ispesyal na kaso na ang mamamayan ay naghihikahos sa kahirapan, tungkulin ng lipunan na mamudmod ng pagkain sa murang halaga o libre pa nga kung kinakailangan. Sa panahon naman ng sakuna tungkulin ng lipunan na mamudmod ng pagkain sa mga komunidad na nasalanta para hindi sila iwan sa gutom.

Higit pa rito, ang mga kaso ng food blockade na isinasagawa ng militar sa kanilang mga kampanyang kontrainsureksyon laban sa mga rebelde at sa mga komunidad na pinaghihinalaang suporter nila ay paglabag sa karapatan ng tao

sa pagkain. Ang mga gawain ng militarisasyon tulad ng pagpigil sa mga magsasaka sa magbungkal ng kanilang sakahan o sapilitang pagbili sa murang halaga ng kanilang mga alagang hayop ay mga paglabag sa karapatang tao partikular sa pagkain.

Kinikilala man diumano ang naturang mga karapatan ng lahat ng bansa sa daigdig, hindi tunay na itinataguyod ang naturang karapatan ng karamihan ng mga bansa na napaiilalim pa rin sa pandaigdigang sistemang imperyalista. Ang atrasadong produksyon at kapos na kita ng iba't ibang sektor ng ekonomya, ang paghihikahos ng mga magsasaka at masang anakpawis sa kanayunan, ang karukhaan ng mga manggagawang kapos ang sahod o walang trabaho, ang pagkabangkarote ng mga magsasaka at malilit na empresa bunga ng pagdagsa ng murang inangkat na produkto mula sa mga imperyalistang bansa pangunahin, at iba pa ay mga dahilan kung bakit ang karapatan ng tao sa pagkain ay patuloy na naisasantabi sa harap ng pang-aapi at pagsasamantala ng sistemang pinaghaharian ng imperyalismo.

Sa maraming bansang malapyudal at malakolonyal, patuloy na inaangkin ng mga panginoong maylupa ang lupa at iba pang rekurso sa agrikultura at pangisdaan kapalit ng upa, interes sa usura o kaparte sa aning produktong pagkain. Ito ang dahilan ng malawakang atrasadong produksyon, karukhaan at gutom para sa masa sa kanayunan at gayundin sa kalunsuran. Ang mga imperyalistang korporasyon katuwang ng mga lokal na kapitalista ang dahilan ng patuloy na panghuhuthot sa yaman ng bansa at produkto ng manggagawa at iba pang anakpawis na naghihikahos at nagugutom bunga ng napakaliit na sahod/kita. Sa sariling mga bansa, ang mga korporasyong ito ang dahilan ng pag-angkin ng lahat ng rekurso sa agrikultura at industriya na siyang dahilan ng paghihirap ng masang anakpawis sa sariling bansa gayundin sa buong daigdig.

4 Bakit karugtong ng karapatan sa pagkain ang karapatan na magbungkal o magprodyus ng pagkain? Paano nito tinitiyak ang pagtaguyod at pagkamit ng mga karapatang pantao kaugnay sa pagkain? Ano ang food sovereignty o soberanya sa pagkain?

Ang ultimong pagkilala sa karapatan ng tao sa pagkain ay ang pagkilala sa karapatan ng bawat isa na magkaroon at/o magprodyus ng pagkain. Mas mahalaga, karugtong nito ang karapatan ng bawat prodyuser ng pagkain tulad ng magsasaka, mangingisda, manggagawang bukid at iba pang sektor na magkaroon ng rekurso sa produksyon ng pagkain.

Ito ang hamon ng mga anakpawis na pangunahing nagpoprodyus ng pagkain – na balewala ang mga pangako ng food security at panunumpa ng pagkilala sa karapatang pantao sa pagkain kung hindi naman natitiyak ang pagsabuhay ng mga magsasaka at iba pang proyuser ng pagkain ng kanilang mga karapatan sa rekurso at kagamitan sa pagsasaka, pangangaso, pangingisda at iba pang produksyon ng pagkain.

Ang kapangyarihan ng bayan sa pag-angkin ng kanilang mga karapatan sa pagkain sukdang angkinin ang imbak na pagkain na ayaw ipamudmod sa mamamayan o angkinin sa lupang inagaw ng mga panginoon sa pamamagitan ng land occupation ang ultimong pakahulugan ng sobernya sa pagkain. Ito ang tunay na paniyak na ang karapatan sa pagkain ay di lang kinilala at itinataguyod kundi tunay na natatamasa at inaangkin ng mamamayan. Ito ang buod ng soberanya sa pagkain, o ang kapangyarihang bayan sa pagkain.

Dahil sa sitwasyon ng walang patumanggang pagbalewala at pagyurak sa karapatang pantao sa loob ng isang lipunang pinaghaharian ng mga uring mapagsamantala at mapang-api, matagal nang iginigiit ng mga magsasaka at iba pang uring anakpawis ang paglaya mula sa imperyalista, pyudal at pasistang pag-aapi at pagsasamantala. Sa gayong paraan lamang tunay na maitataguyod at maisasabuhay ang mga karapatang pantao, kabilang na ang karapatan sa pagkain at pagprodyus ng pagkain.

Ang paglayang iyon ay proseso din ng sariling pagtaguyod at pagsabuhay ng masang anakpawis at ibang demokratikong uri ng kanilang mga karapatan at pagbubuo ng kanilang demokratikong kapangyarihan o soberanya sa pagkamit ng kanilang mga kahilingan at pagtupad ng kanilang mga layunin. Sa larangan ng pagkain at pagprodyus ng pagkain, ang soberanya sa pagkain o food sovereignty ay nangangahulugan ng demokratikong kapangyarihang bayan sa usapin ng pagkain at pagprodyus ng pagkain.

Sa ganitong pakahulugan, ang food sovereignty ay bahagi ng mga prinsipyo at layuning ninanasa at ipinaglalaban ng mamamayan para sa isang lipunang malaya, demokratiko at progresibo't maunlad.

5 Bakit dapat ipaglaban ng mga anakpawis at iba pang sektor ng mamamayan ang food sovereignty kaysa food security? Bakit sinasabi ng mga naghahari na tinitiyak ng globalisasyon ang seguridad sa pagkain?

Ang food security ay tumutukoy lamang sa kalagayan ng kasapatan ng pangangailangan sa pagkain ng lipunan o ng tao. Itinataguyod man diumano ang food security, hindi nangangahulugang kinikilala na ang karapatan ng mamamayan at lalung hindi nangangahulugang ginagarantiyahan ng gobyerno ang pag-angkin at pagtamasa ng mamamayan ang kanilang karapatan sa pagkain at pagprodyus ng pagkain.

Hindi totoong kinikilala ng mga naghahari ang karapatang pantao sa usapin ng food security bilang tungkulin ng gobyerno para matiyak na may sapat na pagkain ang mamamayan. Habang iniipit ang mga magsasaka at iba pang maliliit na prodyuser ng pagkain ng mga panginoong maylupa, kumprador at dayuhang korporasyon, ang mga programang ipinapatupad ng gobyerno para diumano sa produksyon at distribusyon ng pagkain ay hindi naman tumutugon sa pangangailangan ng mamamayan sa nutrisyon at pagkain, at lalunang hindi kumikilala sa karapatan ng mamamayan na magsaka o mangisda para magkaroon ng pagkain.

Sa halip, itinataguyod ng mga gubyerno ang globalistang pananaw na mas matitiyak ang food security kung iasa sa pamilihan at higit pang liberalisasyon. Lalaki diumano ang kikitaing dolyar ng mga bansa na maipambibili sa tinatambak na mas murang saligang produktong pagkain tulad ng bigas. Sa gayong paraan, hindi na diumano kailangang umasa sa sariling maliitang, atrasadong pagsasaka!

Lalong pinalalakas ng ganitong globalistang estratehiya sa food security ang malalaking korporasyong agribusiness na patuloy na nagmomonopolisa sa

kabukiran at ginagawang baga-industriya ang agrikultura. Sa kabilang banda, lalong ginigipit ang maliliit na produksyon sa pagkain at agrikultura at isinasantabi ang layunin para magkaoon ng nakasasapat ang sariling produksyon ng pagkain o food selfsufficiency.

Tunay na tumutugon sa interes at kahiligan ng mamamayan ang mapagpalayang konsepto at prinsipyo ng food sovereignty o kapangyarihang bayan sa pagkain. Ito ang pantapat ng mamamayan sa simpleng panawagang food security na walang pagkilala sa demokratikong karapatan ng mamamayan sa pagkain at sa pagprodyus ng pagkain. Sa konsepto ng food sovereignty, hindi lamang tinitiyak na may pagkain ang mamamayan at may rekursong lupa at kapital ang mga anakpawis para sa tunay na seguridad ng isang komunidad at lipunan sa pagkain, iginigiit din ang kapangyarihan ng mamamayan na kamtin at ipatupad sa sariling kapangyarihan, inisyatiba at lakas ang pagprodyus ng pagkain at pamamahagi nito sa bawat isa.

6 Ano ngayon ang mga kagyat na kahiligan at usapin sa programa ng food sovereignty na ipinaglalaban ng mga kilusang masa sa araw-araw?

Inililinaw sa itaas na sinasagot ng konsepto ng food sovereignty ang mga pangkalahatan at pangmatagalang layunin ng masa sa usapin ng pagbubuo ng demokratikong lakas sa pagkain at agrikultura. Nilalaman ng food sovereignty ang mga pangkalahatang prinsipyo at kahiligan ng mamamayan sa usapin ng pagkain at produksyon ng pagkain.

Ngunit, di lamang pangmatagalan ang hangad na food sovereignty. Ang paglaban para makamit ang food sovereignty bilang pagkilala sa karapatan ng mamamayan ay nangangahulugan din ng pang-araw-araw at taktikal na paglaban para sa partikular na mga patakaran, usapin at programa hinggil sa pagkain at pagprodyus ng pagkain.

Ang prinsipyo ng food sovereignty ang siyang nararapat na nagtatakda ng patakaran ng lipunan sa pagkain at agrikultura. Nakabatay ito sa pagkilala sa karapatan at kalayaan ng mamamayan sa pagkain at produksyon ng pagkain

at, higit pa sa pagkilala/pagtaguyod ng karapatan, sa pagtiyak na natatamasa ng mamamayan ang gayong mga karapatan sa pagkain at pagprodyus ng pagkain.

Maraming usapin at gawaing panlipunan ang sinasaklaw ng food sovereignty bilang patakaran sa pagkain at agrikultura.

Una, nariyan ang tiyaking ang bawat isa ay may pagkaing sapat na nutrisyon, ligtas at naayon sa kanilang kultura at panlasa. Maliban sa pag-aaral at pagpapaunlad ng nutrisyon, kalinisan at ligtas na pagkain, dapat ding tiyaking may sapat na nakaimbak na pagkain sa komunidad at ang saligang mga produktong pagkain ay nabibili sa presyong naaabot ng karaniwang mamamayan sa pamamagitan ng isang mabisang programa sa pagkain.

Ikalawa, para may pagkain ang bawat pamilya, dapat tiyakin ng lipunan at estado na may sapat na kita ang bawat pamilya para magkaroon ng sapat na pagkain o makabili ng pagkain. Tinitiyak din dapat ng gobyerno na ang mga produktong pagkain ay nabibili sa murang halaga, tulad ng pagkakaroon ng price control law noon kung saan di pwedeng magtaas ng presyo ng bigas, karne, manok, isda, sardinas, itlog, gatas at iba pa nang lampas sa takdang presyo. Dapat ding nakahanda ang komunidad at gobyerno na mamudmod sa murang halaga o nang libre ng saligang pagkain para sa pinakamahirapa na seksyon ng lipunan.

Ikatlo, maliban sa pagtiyak na mayroong sapat na nakaimbak na pagkain ang isang lipunan at madali itong maabot ng bawat isa, responsibilidad din ng komunidad, lipunan at gubyerno na tiyaking mayroong sapat na pagkain ang bawat isa sa panahon ng sakuna – dahil man sa kalikasan o dahil sa digmaan.

Ikaapat, dapat kilalanin ang inisyatiba at karapatan ng bawat mamamayan sa pagprodyus ng pagkain, kabilang na ang pagbubungkal ng lupa, pangingisda, at iba pang gawain at trabaho. Dapat may mga programa sa produksyon ng pagkain sa nagpapakilos at naglilingkod sa mamamayang nais lumahok. Ang tutok ng naturang programa ay dapat ang pagsasarili sa produksyon ng pagkain at hindi ang produksyon ng bulaklak o iba pang produktong eksport.

Ikalima, ang salalayan ng programa sa nagsasariling produksyon sa pagkain ay ang pagpapalakas ng maliliit na prodyuser na siyang bumubuo ng mayorya ng produksyon ng pagkain. Dapat ipatupad ang tunay na repormang agraryo at pangisdaan upang tiyaking hawak ng mga magsasaka, mangingisda at iba pang maliliit na prodyuser ng pagkain ang mga saligang rekurso sa produksyon.

Ikaanim, kasabay nito, tungkulin ng komunidad, lipunan at ng estado na magbalangkas ng programa sa pagpapaunlad ng teknolohiya sa produksyon ng pagkain na angkop sa pangangailangan at kakayahan ng maliliit na prodyuser at nagpapalaganap ng mga teknolohiya at kapital na ito pangunahin sa pinakamaraming prodyuser na maliliit na magsasaka at mangingisda.

Ikapito, ang mga patakaran sa kalakalan at pamuhunan lokal man o internasyunal ay dapat nagtataguyod at sumusuporta sa mga programa sa produksyon at programa sa distribusyon ng pagkain na nabanggit sa itaas. Ang naturang mga programa ay nagbibigay ng iba't ibang anyo ng sabsidyo, suporta at proteksyon na kinikilala at hindi isinasantabi ng mga kasunduan sa kalakalan at pamuhunan. Kaya ang mga kasunduang katulad ng sa WTO at mga imposisyon ng IMF-World Bank sa structural adjustment na bulag na nagbubukas ng kalakalan at pamuhunan sa mga dayuhang dambuhalang korporasyong transnasyunal ay dapat pigilan at ipawalambisa.

Ikawalo, tungkulin ng gobyerno at lipunan na tiyakin ang teknolohiyang ligtas para sa mamamayan at sa kalikasan laban sa mga kemikal na nakakalason sa kabukiran at sa pagkain mismo. Mayroon dapat programang pangkalusugan, kagalingang konsumer at kalikasan na may kinalaman sa pagkain at agrikultura katulad ng usapin ng paggamit ng mga lason at ibang pestisidyo, mga GMO at di natural na produksyon ng mga hayop pagkain tulad ng baboy at manok.

7 Anu-ano ang mga patakaran at programang ipinatutupad ng isang lipunan at gobyerno para itaguyod at ipatupad ang karapatan sa pagkain?

Nutrisyon

Para matiyak na ang mamamayan ay mayroong sapat na nutrisyon, pagkaing wasto at gusto nila ayon sa kanilang kultura, ang isang lipunan ay dapat nagpapatupad ng mga patakaran at programang angkop at mabisa.. Una tinitiyak dapat sa mga pag-aaral kung ano ang mga saligang pangangailangan sa pagkain at nutrisyon. Nalilinaw dito kung ano ang mga saligang bilihin sa pagkain at magkano ang minimong kita ang kailangan ng isang pamilya para magkaroon ng sapat na pagkain.

> *Halimbawa nito ang FNRI o Food and Nutrition Research Institute ng Pilipinas na may tungkuling saliksikin ang usapin ng nutrisyon para gumawa ng mga panukalang programa sa pangangalaga ng nutrisyon at tugunan ang kakulangan sa nutrisyon. Pero, katulad ng maraming mga gubyerno, ang gobyerno sa Pilipinas ang pabaya sa tungkuling ito dahil sa kakulangan ng rekurso, korupsyon o dahil sa simpleng kapabayaan sa karapatan ng mamamayan. Sa kabilang banda, maraming bansa rin katulad ng Pilipinas ay sukat dinadaya ang kalkulasyon ng sapat na nutrisyon para lamang palabasin na maganda ang kanilang rekord o pababain ang kailangan ng mamamayan na kita. Halimbawa, ayon sa Food Nutrition and Reseach Institute (FNRI), kailangan ng isang Pilipino ang average na 2,036 kilocalories at 51.5 gramo ng protina upang magsagawa ng produksyon bawat araw o recommended dietary allowance (RDA) na 773 gramo ng pagkaing gulay (vegetable origin) at 285 gramo ng pagkaing karne (animal origin). Sa taong 2002 itinatakda ng National Statistics Coordination Board (NSCB) an napakababang per capita food threshold na P22, na nangangahulugang ang bawat Pilipino ay kailangan lamang ang ganito kaliit na halaga upang maabot ang pangangailangan niya sa pagkain sa araw-araw. Nangangahulugang kailangan lamang niya ng P7.33 bawat kainan.*

Murang bilihing pagkain

Dapat ding tinitiyak na manatiling mura o naaabot ng kita ng mamamayan ang presyo ng mga saligang bilihing pagkain. Para matiyak ito, ang mga bansa ay

nagpapatupad ng mga programa at nagtatayo ng mga tanggapan na namimili ng mga saligang produktong pagkain at ipinapalaganap ito sa pamilihan nang mura. Halimbawa nito ay ang National Food Authority na datirati'y nagbebenta ng iba't ibang produktong pagkain nang mura. Sa kabilang banda, nariyan naman ang pagsasabatas at pagkakaroon ng mga regulasyon na nagtatakda ng presyo ng mga saligang bilihin. Ang mga price control na ito ay pumipigil sa mga mangangalakal na magpatong ng sobra sa presyo ng pagkain.

Karaniwan nang tampulan ng sisi ang mga ahensya ng gobyerno para sa pagkain. Palibhasa magastos ang mag-imbak ng pagkain tapos binebenta ng mura, ang isang bansang baon sa utang ay pinipilit ng IMF-World Bank na ipribatisa na lamang ang mga ahensyang katulad ng NFA para malayang malaya ang mga lokal at dayuhang kapitalista sa pagnenegosyo at makatubo nang limpaklimpak. Inaangal din ng mga globalista ang mga price control law, na diumano nakakasira sa pamumuhunan, kaya bahagi ng mga preskrispsyon ng globalisasyon at structural adjustment program ang deregulasyon sa presyo ng bilihin. Imperyalistang globalisasyon ang pangunahing dahilan ng pagwasak ngayon ng mga patakaran at programa na nagsisikap panatilihing mababa ang presyo ng pagkain.

Kita, Sahod at Karukhaan

Isa pang saligang patakaran at programa para itaguyod ang karapatang pantao sa pagkain ang pagtiyak na ang kita ng karaniwang mamamayan ay nakasasapat para sa pagbili ng mga saligang pagkain. Ito ang dahilan ng pagtatakda ng poverty line o antas ng karukhaan kung saan nasusukat ng isang lipunan kung aling bahagdan ng mamamayan ay may kapasidad bumili ng pagkain. Sa kabilang banda naman, tungkulin ng lipunan at gobyerno na tiyakin na mayroong hanapbuhay at sapat na kita ang mamamayan upang nakakakain ang mag-anak at hindi namamatay sa gutom o lumalaki na kulang sa nutrisyon laluna na ang mga bata at ina.

Isa pang usapin ng food sovereignty ang hinggil sa kita at kakayahang bumili ng mamamayan ng pagkain at binabalewala ng mga gubyerno at lipunang pinaghaharian ng asendero-komprador-imperyalista. Ang poverty line ang sukatan ng istandard para tiyaking may sapat na pagkain at nutrisyon ang

isang pamilya, liban pa sa ibang saligang mpangangailangan. Pero sobra namang pinabababa ang istandard na ito sa dikta ng World Bank upang sa gayon ay palisin ang mga serbisyo at programa ng gobyerno para labanan ang karukhaan.

Halimbawa, sa utos ng World Bank, ang poverty line ng Pilipinas na nakatakda sa P11,906 sa isang taon (P32.62 bawat araw) o P195.72 bawat araw (para sa pamilyang may anim na miyembro) ay mas mababa pa sa pandaigdigang istandard na isang dolyar kada tao araw araw na nagkakahalaga ng P55. Batay dito, ang ligal na minimong sahod ay nagkakahalaga lamang ng P250 sa kalunsuran at sa kanayunan, mula sa nominal wage na P140 (ARMM) hanggang P228 (Central Luzon) – pawang mas mababa sa P330 na siyang dapat na sahod kung naaayon sa pandaigdigang istandard ng isang dolyar kada tao para sa karaniwang pamilyang Pilipino na mayroong apat na anak. Idagdag pa natin ang sitwasyon na karamihan sa sahurang Pilipino ay kapos ang kinikita sa minimum wage.

Sa kabilang banda, ang malaking mayorya ng anakpawis na Pilipino ay hindi tumatanggap ng sahod. Ang kita nila mula sa maliliit na gawaing bahay, pagsasaka, pangingisda at iba pang gawain ay lalong hindi nakasasapat sa pangangailangan sa nutrisyon, huwag nang banggitin ang iba pang pangangailangan. Dahil dito, tinatayang 4.3 milyon ng pamilyang Pilipino (26.5 milyong Pilipino o 34.0% ng populasyon) Pilipino ay nasa antas ng absolutong karukhaan kung saan ang kita nila ay hindi sapat kahit man lamang sa minimong pangangailangang nutrisyunal na dinaya at pinaliit pa nga ng gobyerno.

Programa para sa Suportang Pagkain

Nakahanda dapat ang bawat bansa na suportahan ang mga bahagi ng mamamayan sa sariling bansa at gayundin sa ibang bansa na nasa bingit ng gutom o nagugutom dahil sa kahirapan, malawakang dislokasyon sa ekonomya o sa sakuna. Dahil dito, may mga programa dapat ang gubyerno sa pamamahagi ng pagkain doon sa mahihirap tulad ng isinasagawa ng NFA at DSWCD ng Pilipinas. Gayundin, dapat may mga programa sa pamamahagi ng pagkain sa

panahon ng emerhensya at sakuna tulad ng ginagawa ng DSWCD at mga pribadong organisasyon tulad ng CARITAS at CDRC sa panahon ng bagyo, lindol, matinding tagtuyot, ebakwasyon dulot ng mga operasyong militar, at iba pa.

Ang gayong tungkulin ay ipinapatupad sa pandaigdigang saklaw ng mga bansang mayayaman o may kakayahan suportahan ang mahihirapa na bansa na nalalagay sa ganitong mahirap na sitwasyong kawalang pagkain o famine. Ito ang tinatawag na food aid na pinadadala nang regular sa maraming bansa sa Aprika na tuluy-tuloy na nagkakaproblema sa produksyon ng pagkain o mga digmaang sibil. Karaniwang pagkain din ang bulto ng tulong emerhensya na pinadadala sa mga lugar na sinalanta ng malalaking sakuna tulad ng lindol at tinatamaan ng mga pagputok ng digma.

Sa kritikal na pagsusuri, napakalinaw na maraming mga kapabayaan ang gubyerno sa pagsuporta sa pangangailangan ng mahihirap at biktima ng sakuna sa pagkain. Kadalasan, walang pagkilala sa kultura, pagpapahagala (values) at pangangailangan ng mga mamamayan sa pagkain tulad halimbawa ng mga Ita na biktima ng pagsabog ng Pinatubo at pinipilit kumain ng bigas sa mga evacuation center gayong ang panlasa at katawan nila ay umaayon sa kamote.

Napakadaling labagin ang karapatan ng mahihirap na bansa at mamamayan na kailangang umasa sa food aid, gayundin ang mga biktima ng sakuna. Palibhasa madaling isiping walang karapatang mamili ang biktima o di na importante ang kanilang karapatang pumili ng pagkain. Mas masahol, ginagamit ang food aid para hubogin ang panlasa para masanay ang isang mahirapa na bansa na umangkat ng mga produktong pagkain mula sa mayamang bansang nagbibigay ng food aid. Halimbawa, karaniwang mais ang kinakain sa Habatang Aprika, ngunit dahil sa food aid na bigas palay, nasasanay na ngayong umangkat ang mga bansang ito ng bigas palay.

Ngayong bago, ang isyu naman ang pagpipilit ng mga mayayamang bansa na itambak ang kanilang sobrang pagkain, na kadalasan ay panis na o kundi di ba ay mga produktong genetically modified o gmo sa mga mahihirap na bansa. Hindi dapat itali ang food aid sa kung anong produktong gustong

ibigay ng bansang umaayuda at kung kailangan pera ang ibigay nila para ipambibili ng pagkain ayon sa nababagay sa bansa o komunidad na tinutulungan.

8 Paano itinataguyod at tinitiyak ang karapatan sa pagprodyus ng pagkain?

Saligang konsepto ng food sovereignty ang pagkilala na magkarugtong ang karapatan sa pagkain sa karapatan sa pagprodyus ng pagkain ng mamamayan. Hindi pasibo ang pagkilala na dapat mayroong sapat na pagkain ang bawat nilalang. Aktibo ang pagsabuhay ng bawat mamamayan sa karapatan na magkaroon ng pagkain kasama na ang sapat na kita para bumili ng pagkain o magprodyus ng pagkain. Ang sinumang seryosong nagnanais na magsaka ay dapat bigyan ng pagkakataong magsaka o mangisda.

Lalo pang mahalaga ang usaping ito sa mga atrasadong bansang agrikultural tulad ng Pilipinas kung saan ang mayorya ng mamamayan ay nasa agrikultura at pangisdaan bilang maliliit na mababukid at mangingisda. Hgit pa, sila ang bumubuo ng pinakamalaking bahagdan ng mga prodyuser ng pagkain. Ang soberanya sa pagkain o kapangyarihang bayan sa pagkain ay pangunahing tumutukoy sa kanila at ng kanilang karapatan sa mga rekurso tulad ng lupa at kagamitan para sa pagprodyus ng pagkain para sa sarili at para sa buong bayan.

Sa kabilang banda, napakalinaw na hungkag ang anupamang pamamarali ng food security at karapatan sa pagkain kung niyuyurakan naman ang karapatan ng mga magsasaka, mangingisda at manggagawang bukid na bumubuo ng pinakamalaking bahagdan ng populasyon at pinakamaraming nagpoprodyus ng pagkain sa mahihirap na bansa. Kahit sa mayayamang bansa kung saan ang mga patakarang antimamayan at pro-korporasyong agribusiness ay matagal nang nagwasak sa ekonomya ang mga nagsasariling magsasaka, nananatili ang responsibilidad ng lipunan at gubyerno para suportahan at pangalagaan ang karapatan ng mamamayang nais magsaka, laluna yaong maliliit na magsasakang araw-araw iniiipit ng mga dambuhayang korporasyong agribusiness.

Tunay na Reporma sa Lupa at Katubigan

Ang pinakamahalagang patakaran at programa ng lipunan sa pagtataguyod ng karapatan sa pagprodyus ng pagkain ay ang reporma sa lupa na sentro ng repormang agraryo. Maraming huwad na reporma sa lupa, pero ang tunay na reporma sa lupa ay yaong libreng naglalaan ng lupa sa mga kasama at manggagawang nagbubungkal ng lupa. Ang anupamang mga bersyon na kapos sa libreng pamamahagi ng lupa ay huwad.

Mahaba na ang kasaysayan ng Pilipinas sa huwad na repormang agraryo. Hanggang sa kasalukuyang Comprehensive Agrarian Reform Program o CARP, kailangang magbayad ang kasama ng amortisasyon para tunay na mapasakamay niya ang lupa. Wala itong saligang pinag-iba sa pagbenta ng lupa. Ang iba namang mga anyo ng huwad na pamamahagi ay ang pagpalit ng karapatan ng kasama sa lupa sa bienes sa korporasyong agribusiness na itinatayo ng panginoong maylupa. Papel lang ang hawak ng kasama, at lalo siyang nawawalan ng karapatan sa lupa bilang isang karaniwang manggagawang bukid na lamang.

Mabisa at Tunay na Repormang Agraryo

Mahalagang bahagi ng repormang agraryo ang suportang kapital at teknolohiya sa pagsasaka. Tungkulin ng gubyerno at lipunan na bigyang suporta ang mga prodyuser ng pagkain sa anyo ng mga kagamitan at inputs sa produksyon, kabilang na ang pagtatayo ng mga programa sa pagpapahusay ng binhi, pagpapahusay ng teknolohiya, at iba pa. Bahagi rin dito ang suporta sa pautang at pagseguro sa produksyon upang madaling mapalago ng mga magsasaka, mangingisda at iba pang prodyuser ng pagkain ang kanilang negosyo at produksyon.

Karaniwang pabaya sa suporta sa pagsasaka at produksyon ng pagkain at idinadaan na lamang sa mga walang katuturang impact project o showcase project sa pagtupad ng mga repormang agraryo. Sa kabilang banda, nariyan naman ang Green Revolution at Masagana 99 kung saan ang pagpapaunlad ng teknolohiya at pagbibigay ng kapital ay hindi para sa pagpapalakas ng sobyeranya at kapasidad ng magsasaka kundi simpleng nagtali sa kanya sa

mga korporasyong agribusiness sa pestisidyo, abono at binhi, liban pa sa sobrang naglason at nagsira sa taniman. Ngayong bago, hinalinhan naman ito ng Gene Revolution kung saan pinalitan ang teknolohiya ng bagong mas mapanganib pang teknolohiyang genetic engineering at lalong pang nagpapahigpit sa kontrol ng mga korporasyong agribusiness sa sakahan at mga magsasaka.

Programa sa Produksyon ng Pagkain sa Bansa at Komunidad

Tungkulin ng komunidad, lipunan at gubyerno na magbalangkas ng mga patakaran at programa sa pagpapaunlad ng produksyon ng pagkain sa iba't ibang bahagi ng bansa. Ang ganitong programa ay dapat sumuporta sa mamamayan sa pagprodyus ng pagkain sa sakahan, pangisdaan man o mula sa bahay at sa cottage industry, hanggang sa mga pagawaan o processing center ng bansa. Ang ganitong programa ay dapat na nababatay o nagtataguyod ng mga saligang prinsipyo ng pagsuporta sa nakararaming maliliit na prodyuser at pagsuporta sa ligtas na produksyon ng pagkain – ligtas na pagkain, ligtas sa prodyuser at ligtas sa kalikasan. Maraming agroecological o organikong pamamaraan ng pagsasaka na mataas ang produktibidad at dapat siyang pangunahing salalayan ng isang pambasang programa sa produksyon sa pagkain.

Maraming mga maliliit at katamtamang laking empresa o small and medium enterprises sa pagkain ang gumagampan ng mahalagang papel sa pagprodyus at pagserbisyo sa pangangailangan ng pagkain ng bansa. Gayundin ang promosyon ng backyard gardening sa lunsod man o sa kanayunan na nakakatulong sa pagpapalawak ng produksyon ng pagkain, hindi lamang sa partisipasyon ng karaniwang mamamayan kundi rin sa mas malaki at malawakang produksyon sa buong lipunan.

Maraming programa sa pagpapaunlad ng agroecological na paraan ng pagsasaka na nangangalaga sa kalikasan at naaayon sa maliliit na magsasaka ang angkop sa pangkalahatang pagpapaunlad ng food production sa hanay ng masa. Ngunit ang mga programang ganito ay bihirang makatanggap ng seryosong pagpondo sa gobyerno kaya naiiwan lamang

sa maliitang saklaw na programa. Sa kabilang banda, sobra namang sinusuportahan at binibigyan ng mga pabuya ang mga korporasyon sa pagkain at sa serbisyo sa pagkain kung kaya't natatalo ang lokal na SME ng mga malalaking korporasyon sa pagkain gayundin ng mga dambuhalang TNC sa pagkain. Halimbawa ng mga ito ang San Miguel Corporation, Purefoods, Nestle, Jollibee, MacDonalds at iba pang katulad na siyang gumigipit sa maliliit na prodyuser ng processed na produktong pagkain at mga kainan.

Pagpapauna sa Food Sovereignty sa Kalakalan at Pamuhunan

Tungkulin ng komunidad at gubyerno na tiyakin ang maayos na pagpapaunlad at pamamahala ng kalakalan upang ang presyo ng mga produktong agrikultural ay naaabot ng mamimili habang binibili naman sa sapat na presyo ang produkto ng mga magsasaka. Ang sistema ng trading ay napakahalaga sa pangangalaga ng food sovereignty dahil kalimitang dito natatalo ang mga prodyuser dahil ang pagkain ay madaling mapanis at kung gayon dapat mabenta agad.

May karaniwang pagtingin ang mga ekonomistang teknokrata ng gobyerno na sobrang humihingi ng pabuya ang mga magsasaka sa suporta sa presyo na siyang dahilan diumano ng mataas na presyo ng pagkain. Hindi ito totoo. Ang mga trader na mga komprador-asendero ang nagtitiyak na mahal ang presyo ng mga inputs sa pagsasaka habang mura naman ang presyo ng produkto. Kinokontrol nila ang pamilihan para itaas naman ang presyo ng bentahan ng pagkain sa kalunsuran. Kaya nararapat na mayroong mga mekanismo para sa regulasyon ng pamilihan – sa suplay at presyo ng mga produktong pagkain tulad diumano ng layunin ng pamimili ng NFA ng bigas na kapos at pinapatay na ngayong ng World Bank at ADB.

Ang ganitong pagsasamantala sa mga magsasaka ay higit na ulit na pinalalaki ng mga dambuhalang pandaigdigang korporasyong agribusiness o TNCs (transnational corporations) na nagbabagsak sa Pilipinas ng napakamurang angkat na produktong pagkain kung kaya't nalulugi ang magsasaka at maging mga tradisyunal na asendero (sa asukal) dahil mahal ang gastos sa produksyon sa Pilipinas. Ginagamit nila ang liberalisasyon sa pangangalakal o sa pag-aangkat sa ilalim ng dikta ng World Bank at nilalaman ng kasunduan

sa World Trade Organization para maalis ang dating mga proteksyon para sa mga lokal na produkto. Dahil inalis ang mga proteksyon tulad ng pagbabawak umangkat ng mga produkto ng malilit ng magsasaka, bumabaha ang murang inangkat na mga mais, bigas, gulay, kape, asukal at maraming iba pang produktong pagkain.

Pagtiyak sa karapatan ng manggagawang agrikultural

Tungkulin din ng gubyerno na tiyakin ang pagkilala sa karapatan ng mga manggagawa – manggagawang bukid sa mga baryo at plantasyon, at gayundin ang mga manggagawa sa mga pabrika at empresa ng food processing.

Habang ginigipit ang mga magsasaka sa isang banda, iniipit naman ang mga manggagawang bukid, gayundin ang mga manggagawa sa mga pagawaan ng pagkain sa kanilang mga karapatan at sa sahod. Ang mga manggagawang bukid ay nasa pinakaabang kalagayan sa hanay ng mga manggagawa kung saan pinakamababa ang sahod, walang katiyakan sa trabaho, walang karapatang manggagawa maging sa pag-organisa at maraming iba pa. Sila rin ang nahihirapan sa epekto ng industriyalisadong pagsasaka tulad ng epekto ng kemikal na pestisidyo at iba pa.

9 Bakita mahalaga ang food sovereignty para sa ibang sektor at bahagi ng lipunan?

Malinaw na mahalaga ang pagtaguyod at pagsabuhay ng food sovereignty ng buong mamamayan sa isang bansa. May partikular at nangungunang halaga din ang food sovereignty sa mga magsasaka, mangingisda, manggagawang bukid, manggagawa at maralitang lunsod na siyang kumakatawan ng mga prodyuser ng pagkain at ng masang anakpawis. Mayroon ding ilang sektor at bahagi ng lipunan ay may partikular na papel at pagpapahalaga sa food sovereignty tulad ng kababaihan, katutubo, syentipiko sa pagkain at agrikultura, at kilusang konsumer.

Kababaihan

May partikular na halaga sa kababaihan ang food sovereignty dahil sa kanilang panlipunang tungkulin sa reproduksyon – sila ang pangunahing nagtitiyak na may pagkain ang isang pamilya kung kaya malaking problema nila ang kapos na kita at kakulangan ng nutrisyon. Kadalasan ang kababaihan ang may tungkulin sa pagprodyus ng pagkain sa isang pamamamahay tulad ng pag-alaga ng hayop, pagkakaroon ng tanimang gulay at paghahanap ng makakain tulad ng puso ng saging at iba pang mahalanap na uulamin o kakaining gabi. Sila rin ang pangunahing may tungkulin sa paghahanda at pagluluto ng pagkain para sa pamilya.

Tinutugunan ng food sovereignty ang pagkilala sa kanilang karapatan, tungkulin at pangangailangan sa pagprodyus at paghahanda ng pagkain sa pamilya. Kabilang na rito ang pagtiyak na ang pagtaguyod ng food sovereignty at anumang programa sa pagkain at programa sa pagprodyus ng pagkain ay kumikilala sa kapantay na karapatan ng kababaihan at partikular na mga pangangailangan ng kababaihan sa pagkain at pagprodyus ng pagkain. Halimbawa nito ang pangangailang sa nutrisyon ng mga babeng nagdadalantao. Dapat ding pansinin ang mga programang sumusuporta sa mga maybahay na nag-aalaga ng mga hayop o nagtatanim ng gulay at iba pang halaman, gayundin ang karapatan ng mga babaeng pangunahing nagpapatakbo ng produksyong agrikultural.

Katutubo

Ang mga katutubo ay may partikular na papel sa pagtaguyod at pagsabuhay ng food sovereignty sa konteksto ng kanilang kahilingan sa pagsasarili bilang isang bansa o komunidad. Ang kabuuan at maraming bahagi ng food sovereignty ang may tuwirang kahalagahan sa mga katutubo sa balangkas ng kanilang karapatan bilang isang bansa o komunidad at kaugnay ng kanilang karapatan sa ancestral domain, ang kanilang minanang teritoryo sa ninuno kabilang na ang kalupaan, kabundukan, katubigan at iba pa.

Una sa lahat, karapatan mng mga katutubo ang food sovereignty bilang isang bansa o komunidad na nagtatakda ng kanilang mga karapatan sa pagkain at

agrikultura, kabilang na ang gamit at pamamahala ng kalupaan at katubigan, kultura at sistema sa produksyon ng pagkain at agrikultura, at kultura sa pagkain mismo.

Syentipiko sa Pagkain at Agrikultura

Ang mga syentipiko sa pagkain sa agrikultura katulad ng mga syentipiko at teknolohista sa agrikultura, paghahayop at pangisdaan, mga nutritionist, mga teknolista sa pagkain, at iba pa ay may partikular na papel sa pagbalangkas at pagpapatupad ng mga programa sa pagkain at programa sa produksyon ng pagkain ng isang bansa o komunidad. Partikular nilang layunin ang pagtuloy na pagpapaunlad ng teknolohiya at produksyon upang natutugunan ang seguridad sa pagkain, at pagtiyak na umaayon ito sa karapatan ng mamamayan sa paglikha ng pagkain.

Kaya itinataguyod ng mga progresibong syentipiko at teknolohista ang syensyang hawak mismo sa kolektibong kaalaman ng mamamayan at pinauunlad ang mga angkop na teknolohiya na magpapalakas sa food sovereignty ng bayan. Ito ay ang agroecological na paraan ng produksyon ng pagkain at angkop na teknolohiya para sa malawakang pagprodyus ng pagkain na nakabatay sa komunidad at likhang bahay.

Sa kabilang banda, nilalabanan ng mga progresibong syentipiko at teknolohista ang mga sinasabing makabagong teknolohiya na hinubog ng mga korporasyon katulad ng genetic engineering na lumilikha ng mga produktong GMO o genetically modified organisms. Ang ganitong mga teknolohiya ay nagtitiyak na lumakas nang husto ang produksyon, ngunit mapanganib sa kalusugan ng tao at sa kalikasan. Higit pa, tinatransporma ng mga teknolohiyang ito para maging parang industriya ang agrikultura na kontrolado ng mga dayuhang korporasyon at nagtatalsik ng mga magsasaka at maliliit na prodyuser.

Kilusang Konsumer

Partikular na interes ng mga kilusang konsumer ang food sovereignty dahil tinitiyak nito ang kanilang karapatan sa ligtas, angkop at murang pagkain.

Kinakatawan nila ang partikular na mga pakikibaka ng mga mamamayan, kabilang na ang mga anakpawis, na tugunan ng gobyerno ang mga partikular na tungkulin nito hinggil sa pagkain – tulad ng pagtiyak suplay ng pagkain, pagtiyak sa wasto o murang presyo, pagtiyak na tinutugunan ng mga korporasyon sa pagkain ang kanilang mga tungkulin sa pagbenta ng produktong pagkain, at iba pa. Dala rin nila ang partikular na mga pakikibaka laban sa mga produktong pagkaing galing sa GMO, paggamit ng mga lason sa agrikultura (pestisidyo at iba pa) at sa paghahanda/preserbasyon ng pagkain (tulad ng paggamit ng formaline sa isda at gulay na binebenta sa palengke). Sa kahulihulihan, dinadala ng mga kilusang konsumer ang kabuuan ng pakikibaka para sa food sovereignty ng mamamayan at ng bansa.

10 Ano naman ang soberanya sa pagkain ng isang bansa o komunidad?

Tungkulin ng gobyerno at ng lipunan na itaguyod, pangalagaan at tiyakin ang pagsabuhay ng mamamayan ng kanilang mga karapatan, at kung gayon, tungkulin ng bansa at gobyerno ang pagsabuhay ng mamamayan ng karapatan sa pagkain. Ang esensya ng demokratikong paghahari ng isang gobyerno ay nakabatay sa karapatan at kapangyarihan ng mamamayan. Sa larangan ng pagkain at agrikultura, ang soberanya sa pagkain ng isang bansa ay may layuning ipatupad at maisabuhay ang soberanyang bayan sa pagkain. At sa gayong punto, ang isang bansa ay mayroong soberanya sa pagkain na nakabatay sa soberanyang bayan sa pagkain.

Binabalangkas ng isang bansa ang mga angkop na patakaran at mabisang mga programa sa pagkain bilang pagsabuhay ng karapatan ng mamamayan at bilang ekspresyon ng soberanyang bayan sa pagkain. At sa gayong tungkulin, ipinatutupad at tinatamasa ng bansa at gobyerno nito ang soberanya sa pagkain. Halimbawa nito ang karapatan at tungkulin ng mga bansa na magkaroon ng mga pambansang patakaran at programa sa pag-iimbak at distribusyon ng pagkain, at pambansang patakaran at programa sa nagsasariling produksyon ng pagkain.

Kaya ang saligang kahulugan ng soberanya sa pagkain ay kapangyarihang bayan or soberanyang bayan o people power.

a) Ang mga karapatan ng mamamayan ang batayan ng anumang patakaran sa pagkain at produksyon sa pagkain. Ang mga batas, patakaran at programa ay di lamang nagsasabing nagtataguyod kundi nagtitiyak mismo na natatamasa ng mamamayan nang lubos ang kanilang mga karapatan sa pagkain at pagprodyus ng pagkain. Nakabatay ito sa isang tunay na repormang agraryo na pangunahing naglilingkod sa interes ng nakararaming maliliit na prodyuser na magbubukid, manggagawang bukid, mangingisda atbp.

b) Hindi mga pasibong tupa ang mamamayan na nag-aantay ng lamang biyayaan ng pagkain at mga karapatan. Kung tungkulin ng gobyerno ang pagkilala at pagtaguyod ng karapatang pantao, tungkulin ng mamamayan na angkinin at isabuhay ang mga karapatang ito. Ang mamamayan ay nararapat na aktibong kumikilos para ipatupad ang kanilang mga patakaran sa pagkain at pagprodyus ng pagkain kahit sa antas ng asosasyon at komunidad at itulak ang pagtaguyod ng estado ng kanilang interes.

c) Ang mga batas, patakaran at programa ng estado sa usapin ng pagkain at pagprodyus ng pagkain ay dapat balangkasin sa demokratikong paraan na may lubos na partisipasyon ng mamamayang nasasangkot at nagtitiyak na ang layunin at diwa ay para suportahan pangunahin ang kabuhayan at pangangailangan ng nakararaming malilit na prodyuser at konsumer, at hindi malalaking negosyante, korporasyon o panginoong maylupa.

Ang soberyang bayan sa pagkain o kapangyarihang bayan sa pagkain ay isang plataporma o programa kung saan nagsasama ang lahat ng mamamayan sa pagtitiyak na ang kanilang mga karapatan sa pagkain ang natutupad ng lubusan ng lipunan, at pangunahin na, natitiyak ang karapatan ng nakararaming maliliit na prodyuser sa pagkain sa kanilang mga karapatan sa mga rekurso sa pagkain. Sa lipunang Pilipino ngayon, ang platapormang ito ay magiging isang plataporma ng paglaban sa imperyalismo, pyudalismo

at burukrata kapitalismo na yumuyurak sa naturang mga karapatan ng mamamayan sampu ng iba pa nilang mga karapatang pampulitika't sibil, sosyal, kultural at pangekonomya.

Ang mga patakaran at programa ay dapat nagbibigay ng mga serbisyo at suporta sa mga prodyuser sa isang bansa tulad halimbawa ng suporta sa kagamitan at kapital, at suporta sa pagbebenta ng mga produkto. Dapat may katuwang itong mga regulasyon at iba pang proteksyon sa nakararaming maliliit na prodyuser at konsumer tulad halimbawa ng pagbabawal sa pag-aangkat ng bigas, mais, o gulay na mga produkto ng malilit na prodyuser.

11 Bakit dapat labanan ang mga korporasyong TNC, gayundin ang mga patakaran neoliberal na pinatutupad ng International Monetary Fund, World Bank at World Trade Organization? Bakit dapat alisin ang WTO sa pagkain at agrikultura?

Ang mga patakaran at programa sa pagkain at produkshyon ng pagkain ay dapat pinangangalagaan at pinauunlad ng mga patakarang pang-ekonomya ng bansa. Ang mga patakaran sa pamuhunan at pangangalakal ay dapat nagtitiyak na hindi nawawasak ang soberanya sa pagkain sa pagpasok at dominasyon ng dayuhang pangangalakal at puhunan.

Ito ang dahilan kung bakit masasabing hindi itinataguyod ang soberanya sa pagkain ng mga patakaran sa globalisasyon. Ang liberalisasyon sa pangangalakal, pamuhunan at pananalapi ay nagbubunga ng walang habas na paninira ng mga TNC sa mga karapatan ng mamamayan. Isinasantabi ang mga proteksyon sa mga programa sa pagkain at produksyon ng pagkain sa pagpapatupad ng tinatawag na 'malayang kalakalan'. Ang pribatisasyon ay nagwawasak ng maraming nga institusyong publiko na sumusuporta o nagpapatupad ng mga programa sa pagkain at produksyon ng pagkain. Ang deregulasyon naman ay nagtataas ng presyo ng saligang produktong pagkain at nagbubukas ng sektor ng pagkain at agrikultura sa dominasyon ng mga TNC.

Ang isang responsableng estado na kinakatawan at naglilingkod sa mamamayan ay matatag na nagtataguyod ng karapatang pantao sa pagkain at nagsasabuhay ng kapangyarihang bayan sa pagkain. Sa ganitong pagkakataon, isinasabuhay ng naturang estado at bansa ang soberanya nito sa pagkain na malinaw na nakabatay sa kapangyarihang bayan sa pagkain. Ang usapin ng food sovereignty ay di simpleng pagtindig ng isang estado sa kanyang soberanya para magtakda ng mga patakaran sa pagkain at agrikultura. Ang esensya at diwa ng soberanya sa pagkain na nasa pagsabuhay ng karapatang pantao – ang karapatan ng mamamayan sa pagkain at ang karapatan ninuman, laluna ng mga magsasaka at iba pang nagpoprodyus ng pagkain sa lahat ng rekurso tulad ng lupa para mapakain ang buong lipunan.

Ang pakikitungo ng isang bansa at gubyerno nito sa mga structural adjustment program ng IMF at World Bank na nagtutulak ng globalisasyon ay dapat umaayon at nakapailalim sa soberanya sa pagkain at iba pang saligang mga patakaran. Dapat lamang labanan ng isang responsableng gobyerno ang mga imposisyon ng IMF at World Bank.

Gayundin, hindi dapat pahintulutan ng isang bansa at gobyerno nito ang pagkawasak ng soberanya sa pagkain bunga ng pamuhunan ng mga dambuhalang korporasyon at ng mga patakaran at kasunduan sa pangangalakal. Ang mga patakaran at kasunduan ng 'malayang kalakalan' sa pamamagitan ng World Trade Organization, gayundin ng mga panrehiyon at bilateral na kasunduang pangkalakalan tulad ng ASEAN Free Trade Area ay dapat responsableng binabaka ng isang estado nagtataguyod ng soberanya sa pagkain upang hindi mawasak ang mga programa at patakaran sa pagkain at pagprodyus ng pagkain ng bansa.

Dahil nakakasira sa soberanya sa pagkain ang balangkas na 'malayang kalakalan' ng WTO, panawagan ng mga kilusang magsasaka at iba pang kilusang anakpawis na alisin ang WTO sa agrikultura at pagkain. Ibig sabihin nito ay dapat ipawalambisa ang iba't ibang kasunduan ng WTO na pumapatungkol sa pagkain at agrikultura tulad ng Agreement on Agriculture, Kasunduan sa Sanitary and Phytosanitary Standards at Trade Related Intellectual Property Rights.

12 Ano ang Kumbensyon sa Soberanyang Bayan sa Pagkain? Paano nito nilalabanan ang neoliberal na programang globalisasyon at itinataguyod ang kapangyarihang bayan sa pagkain?

Ang alternatibong panlaban sa neoliberal na globalisasyon sa usapin ng pagkain ay ang pagtataguyod ng mga prinsipyo at patakaran ng Soberanyang Bayan sa pagkain. Magagawa ito sa pamamagitan ng isang Kumbensyon o kasunduan sa pagtataguyod ng karapatang pantao. Isa itong ligal instrumento o nilalagdaang ligal na kasunduan ng mga gobyerno na nagsasaad ng kanilang mga pagkakaisa sa prinispyo ng soberanyang bayan sa pagkain at mga tungkulin at responsibilidad upang itaguyod at isabuhay ito.

Ang panukala ng Kumbensyon ng Soberanyang Bayan ay may silbing pangmatagalan at taktikal para sa mamamayan. Pangmatagalan ang silbi nito bilang pagbabando ng konsepto, adhikain at kahiligan para sa karapatan at kapangyarihang bayan sa pagkain. Taktikal ang layunin nito bilang kagyat na argumento kung paano maaalis ang WTO sa pagkain at agrikultura na panawagan ng mga militanteng kilusang magsasaka at alyado nila. Taktikal na panagot rin ito sa iba't ibang isyu sa pagkain at agrikultura na may kinalaman sa globalisasyon, SAP ng IMF World Bank, mga free trade agreement at iba pa.

Kaya lang hindi madali at mahirap umasa na ang mga gobyerno na karamihan ay botong-boto sa globalisasyon at hawak sa leeg ng imperyalismo sa pamamagitan ng iba't ibang instrumento at ahensya nito tulad ng IMF, World Bank at WTO ay basta-basta na lamang aayon at lalagda ng ligal na kasunduan sa food sovereignty.

Kaya mayroon tatlong mahalagang paglilinaw at pamamaraan ang kilusang bayan sa people's food sovereignty. Una, ipinalalaganap natin ang panukala ng Kumbensyon ng Soberanya sa Pagkain bilang paraan para mapalaganap ang konsepto ng food sovereignty bilang prinsipyo at adhikaing nag-iisa ng iba't ibang kilusang bayan laluna ng magbubukid sa usapin ng panlipunang patakaran sa pagkain at agrikultural.

Ikalawa, mahalagang instrumento ito para sa labanang taktikal sa pambansa at pandaigdigang antas laban sa iba't ibang instrumento at pakana ng neoliberal na globalisasyon. Sa gayon binibigyang bisa ang ating kampanya at taktika sa maraming usapin.

Ikatlo, mahalagang instrumento ito para magbukas ng daan para sa pakikipag-alyansa sa iba't ibang demokratikong uri at sektor ng lipunan para sa kilusang magbubukid at mangingisda, gayundin sa iba't ibang usapin kaugnay ng pagkain at agrikultura tulad ng pestisidyo, GMO at iba pa. Dagdag pa, ang pananawagan para sa soberanya sa pagkain at ng kumbensyon ay nagbibigay daan sa taktikal na alyansa sa mga bahagi ng gobyerno gayundin sa mga alyadong SME.

13 Bakit Kumbensyong Bayan ang pinanawagan natin at hindi pa ang opisyal na kumbensyon ng mga gobyerno?

Bagaman ang panukala natin ay para sa isang ligal na Kumbensyon bilang isang opisyal na kasunduan ng mga gobyerno, ang mas mahalagang layunin natin ay mapakilos ang lahat ng demokratikong pwersa upang itaguyod ang panawagan para sa soberanyang bayan sa pambansa at pandaigdigang antas. Ito ay Kumbensyong Bayan na isang alternatibong paraan ng pagtitipon at kasunduan ng mga kinatawan ng mga kilusang bayan at mga progresibong elemento ng gobyerno at mga partido na naniniwala sa mga prinsipyo, programa at panukala sa Kumbensyon.

Sa gayong paraan, hindi natatali ang kilusang magbubukid at iba pang kilusang bayan na nagtataguyod ng soberanya sa pagkain sa paghahabol sa gobyerno, habang sa kabilang banda, isinasabuhay na nila ang diwa at pamamaran ng sinasabing kapangyarihang bayan sa pagkain – nakabatay sa mamamayan ang demokrasyang bayan at ang pagsabuhay ng mga karapatang pantao ay nasa paraan ng paggiit at paghamon sa estado at hindi sa pag-aasam na ibibigay ito ng estado sa mamamayan.

Kung gayon, ang esensya at diwa ng kumbensyan sa soberanya sa pagkain ay itataguyod at ipagtatagumpay sa pamamagitan ng mga militanteng

Kumbensyong Bayan na nagtutulak, pero hindi nagpapatali sa mga gobyerno kung itataguyod ba nila ito o hindi. Sa kabilang banda, mabilis na tinatanggap ng di iilang gobyerno ang konsepto ng soberanyang bayan, at dinadala na rin ito ng mga upisyal na internasyunal na institusyon tulad ng United Nations at European Parliament. Magandang balita ito, ngunit lalo lamang nitong idinidiin ang kahalagahan ng mga Kumbensyong Bayan na malinaw at militanteng nagtataguyod at nagsasabuhay ng kapangyarihang bayan sa pagkain. ■